**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 18, 55-66




# Kontekstuwalisadong lesson exemplar sa Filipino 10

Dapiosen, Eugene B.
*Ilocos Sur Polytechnic State College-Candon Campus, Philippines (eugdapo13@gmail.com)*
Ubilas, Nancy T.
*University of Northern Philippines, Philippines (nancyubilas2408@gmail.com)*

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

**Received**: 28 October 2024 **Revised**: 10 November 2024 **Accepted**: 25 November 2024
**Available Online**: 25 November 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24151

***Abstract***

This research endeavored to develop and implement Contextualized Lesson Exemplars (CLE) tailored for Filipino 10 students. Employing a developmental methodology, the study systematically designed instructional materials to address identified needs within the curriculum. Utilizing a descriptive method, data from a needs assessment were analyzed quantitatively using frequency, percentage, and rank, focusing on the topics of Filipino 10. The validation process employed mean analysis, assessing the efficacy of the developed CLE. The needs assessment revealed 11 topics, including grammar, requiring lesson exemplars. Drawing upon the IDEA Model and instructional design theory, the researcher formulated a modified 6I's model for creating contextualized lesson exemplars. The validation of the CLE across dimensions—totality (kabuoan), content (nilalaman), and presentation (presentasyon)—reflected a high degree of effectiveness. The CLE demonstrated alignment with SMART criteria, employing effective teaching techniques, fostering originality and appreciation through activities, and integrating relatable experiences for learners. Notably, the presentation of CLE incorporated clear instructions, graphic organizers, diagrams, and concrete illustrations to enhance learner engagement. As a result, the research recommended the adoption of the contextualized 6I's Lesson Exemplar by administrators within the Candon City Division and other educational institutions. Furthermore, it advocated for the professional development of Filipino 10 and other subject teachers through participation in training programs, workshops, seminars, and webinars to enhance their proficiency in creating Lesson Exemplars. This initiative aimed to facilitate deeper learner engagement by connecting educational content with students' experiences, societal contexts, and cultural backgrounds.

***Keywords:*** contextualized lesson exemplar, needs assessment, instructional design theory, Filipino 10, 6I's

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Kontekstuwalisadong lesson exemplar sa Filipino 10


## 1. Abstrak

Ang pinakalayunin ng pag-aaral na ito ay bumuo ng kontekstuwalisadong Lesson Exemplar (LE) sa Filipino 10. Kaugnay nito, ang pag-aaral ay debelopemental na masistematikong nagdisenyo at nagdebelop ng kagamitang pang-instruksiyon. Descriptive method ay ginamit upang ilarawan at bigyang kahulugan ang needs assessment gamit ang frequency, percentage, at rank ng mga nakalap na datos sa mga paksa sa Filipino 10 sa pagbuo ng LE at ang resulta ng balidasyon sa LE ay ginamit ang mean. Batay sa resulta ng needs assessment may labing-isang (11) paksa kasama ang gramatika sa Filipino 10 ang nangangailangan ng LE. Ang binuong kontekstuwalisadong LE ay nagsilbing batayan ang IDEA Model at Instructional Design Theory at nakabuo ng sariling modelong 6 I's. Sa balidasyon ng LE ay inilarawang napakataas sa kabuoan, batay sa nilalaman at presentasyon. Magandang gamitin ang LE sapagkat sa kompitensi at layunin ay kakikitaan ng pagiging SMART, sa pamamaraan nagtaglay ng mabisang teknik, sa gawain ipinabatid na orihinal at nagpapamalas ng pagpapahalaga, at ang integrasyon ay nagtataglay ng mga gawaing kaugnay sa karanasan ng mga mag-aaral. Bagaman sa presentasyon ng LE ay naglahad ng panutong maayos kasama ang grapiko at dayagram, at larawang konkreto sa karanasan ng mga mag-aaral. Sa kabuoan, iminumungkahi sa bawat administrador ng Candon City Division na ipagamit ang kontekstuwalisadong 6 I's LE upang maiugnay ng mga mag-aaral ang karanasan, sitwasyong panlipunan, sariling kultura at magamit sa obserbasyon sa klasrum. Ang guro sa Filipino 10 at iba pang guro ay dumalo sa mga palihan o worksyap, at webinar upang mahasa ang kahusayan sa paggawa ng mga LE.


***Susing Salita***: Kontekstuwalisadong Lesson Exemplar (LE), needs assessment, instructional design theory, Filipino 10, at 6I's

## 2. Panimula

Ang pakikibaka ng guro sa loob ng klasrum sa araw-araw ay isang napakalaking hamon upang makapagbigay ng isang magandang resulta sa epektibong pagtuturo. Nakasalalay dito, ang magiging beheybyur, interes, at bungang magdudulot ng hindi malilimutang karanasan na isasabuuhay ng mga mag-aaral at magagamit sa araw-araw na pakikipagtalastasan. Isang hangaring maimpluwensiyahan ang mag-aaral na matuto pang lalo sa pagbibigay ng guro ng mga kaalaman, awtentikong gawaing dedebelop ng pisikal, mental, moral at ispiritwal na aspeto sa pagkatuto na matamo sa pagtuturo.

Kaugnay nito, upang matamo ng guro ang hangaring magkaroon ng konkretong pagkatuto nararapat lamang na ang aralin ay umaayon sa pansariling karanasan ng mga mag-aaral o pag-uugnay ng buhay ng mga mag-aaral sa umuusbong na kontekstuwal na pagkatuto sa kanilang pag-aaral. Sa mga mag-aaral sa sekondarya, higit na nararapat bigyang pansin ang hirap sa pagbuo ng makabuluhang konteksto. Ito ang layunin ng kurikulum na mag-uugnay sa isang kontekstong tumutugon sa karanasan ng mga mag-aaral; sa kanilang seryosong atensyon, sa mga pangyayari sa kasalukuyang lipunan at sa anumang kondisyon na dapat masulosyonan (Baer, 2017). Pinagtibay ng Department of Education Order 32 s. 2015, na ang pagsasanib ng lokalisasyon o indegenisasyon tungo sa kontekstuwalisasyon ng pagtuturo sa alinmang asignatura para makatulong sa paglinang ng kakayahan at kaalaman ng mga mag-aaral na mapahalagahan ang kanyang kapaligiran o sariling lugar.

Dahil nais makipagsabayan ang mga paaralan higit na binigyang pansin ang hamon ng sa pagbuo ng kagamitang panturo na magkaroon ng estratehiyang lilinang sa mga gawain na sinuportahan ng Department of Education Bureau of Learning Delivery – Teaching and Learning Division (BLD-TLD). Pinagtibay mula sa artikulo ni Llego (2020) na ang pagtugon sa mga kasanayan at kakayahan ay mabigyang importansiya. Sa pinal na ulat ng isinagawang pananaliksik, "Analysis of 21st Century Skills Integration in the Philipipines K to 12 program", na pinangunahan ng Australlian Council for Educational Research (ACER) nakaraang 2019, natuklasan na

maraming guro ang kakikitaan ng kaunting pagtitiyaga sa pagtuturo ng kritikal na pag-iisip, problem-solving, kolaborasyon at kasanayan. Kaya inilahad na linangin ang pedagohiya sa gabay na estratehiya sa kalagayan ng guro upang makalinang ng mga kagamitan sa pagtuturo at pagtataya sa 21st century skills sa iba't ibang asignatura na may layuning; a) bumuo ng Lesson Exemplars sa iba't ibang asignatura na nakatuon sa pagtuturo at pagtataya sa 21st century sa kasanayang global ayon sa pangangailangan, b) magprodyus ng materyal at batis sa implementasyon ng epektibong aralin na tumutugon sa 21st century skills na mag-aaral, at c) hikayatin ang guro na maging mahusay sa pag-implementa ng epektibo at paggamit ng binuong Lesson Exemplars at iba pang materyal. Ito ang nag-udyok sa mananaliksik na bumuo ng isang kagamitang Lesson Exemplar upang makatulong sa guro at mag-aaral sa proseso ng pattuloy na makabagong pagtuturo at pagkatuto na gagamitin ng guro sa Filipino 10 ng Candon National High School ng Candon City Division. Ang mga guro ay magagabayan dahil ang kagamitang Lesson Exemplar ay nagbibigay ng mga gawaing makatutulong at makapagpapalinaw sa paksang tatalakayin sa pagtuturo gamit ang mga estratehiya at lokalisadong mga larawang naglalapit sa puso, karanasan, at buhay.

Sa kabuoan, ang kagamitang Lesson Exemplar sa pagtuturo at pagkatutong pangklasrum na ay lilinang sa kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral. Ito ay pangkaraniwang gabay ng guro sa isang aralin o paksang naglalaman ng detalyadong paglalarawan sa mga hakbang ng guro sa pagtuturo ng paksa. Ang exemplar lessons ay modelo sa pang-araw-araw na paghahabi ng aralin na ibinatay sa mga impormasyong matatagpuan sa curriculum guide (Higher Education Development Center, n.d). Kaugnay pa rin nito inilahad ng Houston Independent School District Communications (2013), na ang mga aralin ay maaaring maimplementa mismo ng guro o maaaring mamodipika upang makamit ang magkakaibang pangangailangan ng mag-aaral tungo sa globalisasyon.

***Layunin ng Pag-aaral -*** Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay makabuo ng kontekstuwalisadong kagamitang panturo sa Filipino 10 ng Candon National High School. Ang mananaliksik ay ninais na matugunan ang sumusunod na suliranin:

1. Matukoy ang mga paksang nangangailangan ng Lesson Exemplar sa Filipino 10.
2. Makabuo ng kontekstuwalisadong Lesson Exemplar sa Filipino 10.
3. Malaman ang antas ng pagtataya ng panturong Lesson Exemplar:
    A. Sa kabuoan;
    B. Nilalaman ng Lesson Exemplar: kompitensi at layunin; pamamaraan; mga gawain, at integrasyon;
    C. Presentasyon ng Lesson Exemplar.

## 3. Metodolohiya

***Disenyo ng Pananaliksik -*** Ang pananaliksik ay isang debelopmental na pag-aaral na tumutuon sa sistematikong pagdisenyo at pagdebelop ng kagamitang pang-instruksiyon Wayne, Klein, & Richey (2004) na magagamit ng guro sa pagtuturo at magsisilbing gabay sa pagtuturo sa Filipino 10. Ginamit ang palarawang pamaraan o descriptive method na naglarawan at nagbigay ng kahulugan sa mga nakalap na datos sa talatanungan ng paksa sa Filipino 10 sa pagbuo ng kagamitan at resulta ng balidasyon ng kagamitang Lesson Exemplar.

***Paraan ng Pagtitipon ng Datos at Paraan ng Pag-aaral -*** Ang mananaliksik ay gumamit ng talatanungan upang matukoy ang mga paksang igagawan ng Lesson Exemplar sa pamamagitan ng *needs assessment.* Ipinamudmod ang mga talatanungan sa walong guro, anim na babae at dalawang lalaking guro ng Candon City Division na nagtuturo ng Filipino 10 na sa pamamagitan ng pagdala ng kopya sa *messenger*, ito'y dinownload ng mga guro at sinagot pagkatapos ay ini-scan ito at ipinadala ang kopya sa messenger ng mananaliksik. Sa pagbalideyt ng *evaluation rating sheet tool* na ginamit ng mga balideytor sa pagtataya ng Lesson Exemplar ay

ginamit ang *google meet* bilang platform, sinuri at nagbigay ng mga mungkahi ang mga balideytor at habang nagsasalita ay iwinawasto na mismo ito. Ngunit sa pagkalap ng resulta ng balidasyon ng kagamitan ay nagpadala ng *soft copy* ng *evaluation rating sheet tool* ng balideytor sa pamamagitan ng yahoo mail at ang ibang balideytor ay binigyan ng kopya ng evaluation rating sheet. Kaugnay nito, ginamit ng mananaliksik bilang patnubay sa pagmamarka ang Napakataas (N) - 4, Mataas (M)- 3, Medyo Mababa (MM)- 2, Mababa (MB) - 1. Bagaman binigyang-kahulugan ang mga puntos sa balidasyon sa sumusunod na pamantayan sa range na 3.26 - 4.00 na Napakataas (N), 2.51- 3.25 na Mataas (M), 1.76 - 2.50 na Medyo Mababa (MM), 1.00 -1.75 na Mababa (MB).

Samakatuwid pagkatapos ng balidasyon ng ng *evaluation tool* ay agad na hiniling ang pahintulot ng tagapayo sa pagbibigay ng kopya ng Lesson Exemplar sa mga piling balideytor, at agad na ipinasuri ang nabuong kagamitang panturo sa mga dalubhasa sa larangan ng usaping pagtuturo sa Filipino. Ang mga balideytor ay galing sa iba't ibang institusyon mula sa Unibersidad ng Pilipinas - Diliman Campus kasalukuyang propesor at itinuturing na dalubhasa sa pagsulat ng mga akademikong teksto sa kolehiyo at sa Kagawaran ng Edukasyon at eksperto sa larangan ng kontekstuwalisasyon ng mga kagamitang panturo. Ang sumunod na balideytor ay kasalukuyang nagtuturo sa Philippine Science High School – San Ildefonso Campus na Special Science Teacher 4, nagkaroon ng kontribusyon sa pagpaplanong pangkurikulum ng kanilang paaralan, *external expert* ng mga pananaliksik at presenter ng mga pananaliksik sa internasyunal, nasyunal, rehiyonal, at lokal. Ang pangatlong balideytor ay Education Program Supervisor - Learning Resource Management Section (LRMS) ng Candon City Division. Pagkatapos na tinaya ang kagamitang panturo ay agad na nag-edit, nagrebisa, at ikinonsidera ang mga mungkahi at suhestiyon ng mga balideytor sa ikagaganda at ikabubuti ng kontekstuwalisadong kagamitang magsisilbing gabay panturo ng mga guro sa Filipino 10.

***Pagsusuring Istatistikal -*** Upang masukat ang layunin ng pananaliksik ay ginamit ang ilang istatistikal na kagamitan gaya ng *percentage* upang matukoy ang kabuoang porsiyento ng mga paksang nangangailangan ng Lesson Exemplar, bagaman ang *rank* naman ay ginamit upang matukoy ang mga paksang malilinang at mga prayoridad na paksang susulatin sa pagbuo ng Lesson Exemplar, ngunit sa pag-alam ng angtas ng pagtaya sa binuong Lesson Exemplar ay ginamit ang *mean*.

***Etikal na Konsiderasyon -*** Sa kabuoan ng pag-aaral, ito ay dumaan sa prosesong etikal sa pagbalideyt ng nilalaman at mga kasangkot na aspeto sa pagsagot ng mga respondente sa isinagawang pag-aaral. Dumaan sa ebalwasyon ng tagapangulo at miyembro ng Ethics Committee ang pag-aaral at ibinahagi ng tagapangulo ang mga kailangang ikonsidera sa patuloy na pagsagawa ng pag-aaral. Naghanda ng informed consent to teachers and validators upang masigurado ang boluntaryong pakikibahagi at pagbibigay ng kanilang kaalaman sa ikatatagumpay ng pag-aaral. Tiniyak na lahat ay sumunod sa tamang proseso gaya ng paghahanda ng liham at paghingi ng permiso upang mapanatili ang respeto at paggalang sa lahat ng sangkot sa ebalwasyon. Tiniyak ang confidentiality ng mga mga datos, suhestiyon, mungkahi at resulta ng pag-aaral upang matiyak at mapangalagaan ang kongkretong mga datos.

## 4. Resulta at diskusyon

**Talahanayan 1**

| Mga Aralin | Frequency | Percentage | Rank |
|---|---|---|---|
| Aralin 1.2 Sanaysay mula Gresya<br>Pamagat: Ang Alegorya ng Yungib | 8 | 100 | 1.5 |
| Aralin 1.6 Tula mula sa Egypt<br>Pamagat: Ang Tinig ng Ligaw na Gansa | 8 | 100 | 1.5 |
| Aralin 2.3 Nobela mula sa Estados Unidos<br>Pamagat: (Ang Matanda at ang Dagat) | 7 | 87.5 | 3.5 |
| Aralin 3.4 Tula mula sa Uganda<br>Pamagat: Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay na Anak | 7 | 87.5 | 3.5 |
| Aralin 2.1 Talumpati mula sa Brazil<br>Pamagat: Talumpati ni Dilma Rouseff sa kaniyang Inagurasyon | 6 | 75.0 | 6 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Aralin 2.4 Mitolohiya mula sa Iceland<br>Pamagat: Sina Thor at Loki sa Lupain ng mga Higante | 6 | 75.0 | 6 |
| Aralin 2.6 Dula mula sa England<br>Pamagat: Sintahang Romeo and Juliet | 6 | 75.0 | 6 |
| Aralin 1.7 Epiko mula sa Mesopotamia<br>Pamagat: Epiko ni Gilgamesh | 5 | 62.5 | 9.5 |
| Aralin 2.5 Tula mula sa Inglatera<br>Pamagat: Ang Aking Pag-ibig | 5 | 62.5 | 9.5 |
| Aralin 3.1 Kuwento mula Uganda<br>Pamagat: Maaaring Lumipad ang Tao | 5 | 62.5 | 9.5 |
| Aralin 3.3 Sanaysay mula South Africa<br>Pamagat: Ang Talumpati ni Nelson Mandela | 5 | 62.5 | 9.5 |

*Resulta ng Needs Assessment ng mga paksa sa Filipino 10*

Ipinapakita ng talahanayan 1 ang tugon ng mga guro sa Filipino 10 ng Candon City Division lumabas na ang Aralin 1.2 at Aralin 1.6 ang higit na nangangailangan ng Lesson Exemplar na may 100 porsiyento at may *rank* na parehong 1.5. Bagaman, makikita sa talahanayan na may apat na paksang kailangan ng Lesson Exemplar sa Filipino 10 ang Aralin 1.7, Aralin 2.5, Aralin 3.1 at Aralin 3.3 na may parehong *frequency* na 5, porsiyentong 62.5 at nasa *rank* na 9.5. Ibig iparating mababa ang porsiyento ng pangangailangan ngunit bahagi pa rin ng pagbuo ng kagamitan dahil ang 62.5 porsiyento ay nahigitan ang 50 porsiyentong pangangailangan sa pagbuo ng Lesson Exemplar.

Samakatuwid ang dalawang aralin ay higit na kapansin-pansin dahil nagkaisa sa tugon ang mga respondente na mahirap ituro ang sanaysay na Alegorya ng Yungib dahil nagtataglay ng lalim sa pagbibigay ng interpretasyon sa kaisipan ng dalawang pilosoper na sina Plato at Aristotle na naglalarawan ng rasyunalismo. Bagaman ang tulang Tinig ng Ligaw na Gansa ay napakaikli ngunit nagtataglay ng mga simbolismo at kaisipang naglalahad ng kalagayan ng pamumuhay sa panahong naisulat ang akda. Bagaman lahat ng mga paksa ay nagtataglay ng isang kultura na sumasalamin sa tradisyon, pamumuhay, pag-uugali, isyung panlipunan namamayani sa bawat bansa. Sanhi nito, nahihirapan ang mga guro na ituro ang mga paksa at pag-aaralan sa panitikang pandaigdig. Pinatunayan ni Amilao (2016) mula sa kanyang pag-aaral na dahil sa salat ang mga guro sa kaalaman upang maayos na maituro ang mga paksa ng panitikang pandaigdig at upang seryosong pag-aralan ito ng mga mag-aaral ang dahilan ayon sa kanya ay sapagkat hindi pamilyar ang isang akda at hindi ito naisulat sa Pilipinas kaya may kahirapanag unawain. Lumabas din sa pag-aaral ni Amilao na "nakalilito at mahirap intindihin ang mga akdang panitikang pandaigdig" na pinagtibay ng pananaliksik na ito na may mean iskor na 2.87 na inilalarawang hindi sigurado. Ibig ipabatid ng resulta ng *needs assessment* na kapaki-pakinabang ang gawaing nabanggit sapagkat ang mga akda ay nangangailangan ng isang kagamitang panturo na maglalapit sa puso ng bawat mag-aaral.

***Nabuong Lesson Exemplar -*** Ang pagbuo ng Lesson Exemplar ay tumuon sa pagbasa ng mga *memorandum* at artikulo ng Kagawaran ng Edukasyon tungkol sa kasalukuyang paggamit ng Lesson Exemplar sa pagtuturo. Naging batayan ang IDEA Model na nais isakatuparan ng Rehiyon ng Calabarzon sa Dibisyon ng ng Dasmariñas at Instructional Design Theory. Mula sa modelo at teoryang ito ay nabuo ng mananaliksik ang sariling modelong 6 I's (Introduksiyon, Idebelop, Ilahad, Itampok, Ilapat, at Isabuhay). Samakatuwid gamit ang *instructional design theory* ay nagkaroon ng malinaw o detalyadong pamatnubay kung paano matutulongan ang isang tao upang mapaunlad ang pagkatuto na dapat malinang sa mag-aaral. Isinaalang-alang sa pagbuo ng Lesson Exemplar*; design-oriented, identifies methods and situations, at probabilistic* (Song, 2018).

Bagaman, nagkaroon ng pagdaragdag sa at pagmomodipika sa pagbuo ng kagamitang panturo. Naidagdag ang pagsasakonteksto ng mga aralin sa mismong lugar o pamayan ng mga mag-aaral, ang mga larawang ginamit ay nagkaroon ng lokalisasyon upang maitampok ang Candon, at iba pang lugar sa probinsiyang Ilocos Sur upang higit na mawili ang mga mag-aaral na matuto. Ang introduksiyon sa bahaging panimula ng Lesson Exemplar na binuo ay ipinapakilala ang kaligiran, kasaysayan at bansang pinagmulan ng akda. Naglahad din ng isang "kaisipan" na magsisilbing aral, mensahe, at pahayag na nag-iiwan ng kakintalan sa puso, isip at buhay ng mga mag-aaral. Ito ang bagong paraan na idinagdag sa lesson exemplar.

Sa kabilang banda, ang binuong kagamitang panturo ay hinimay-himay sa mga partikular na bahagi. Ang Intruduksiyon ay naipaloob ang *design-oriented* na nagkaroon ng pagsasaliksik sa kaligiran ng panitikan at kalagayan ng bansang pinagmulan ng akda. Idebelop ay mga layuning makamit sa pagkatuto na *goal-oriented* at *means-oriented* na iniayon sa layuning domeyn na kognitibo, saykomotor, at apektib. Ayon kay Hoque (2017) ang domeyn ay nakakamit ang mental na kakayahan, napapaunlad ang pag-uugali at natututuhan ang pisikal na kasanayan at naisasabuhay sa araw-araw. Sa Ilahad na bahagi ay nahahati sa dalawa ang nilalaman, kinapapalooban ng paksa, kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto at sanggunian. Kasama ang paunang gawain na nagsisilbing pagganyak sa aralin na kontekstuwalisado at mga gabay na tanong na lokalisado upang makaagapay ang mag-aaral sa aralin. Bagaman sa bahaging Itampok, Ilapat at Isabuhay ay nabuo sa pamamagitan ng kontekstuwalisasyon at lokalisasyon ng aralin, gawain at integrasyon nito, ang kahalagahan ng ugnayan ng komunidad at edukasyon, karanasan ng mga mag-aaral at sitwasyong panlipunan. Sa Itampok naipaloob ang pagdidisenyo ng *identifies methods and situation* na isinaalang-alang ang mga metodo sa pagtuturo, paano ituturo, at fasileyteytor ng pagkatuto na kailangang ikonsidera ang mga sumusunod; ano ang matutuhan, mga mag-aaral at ang lugar ng pag-aaral. Iniuugnay ang metodong ito sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo at isyung panlipunan. Bumuo ang mananaliksik ng mga sariling estratehiya na ito'y may iba't ibang katawagan, dinisenyong teknik at mga gawaing hahasa sa pagkatuto at pag-aaral ng mga mag-aaral. Sinusugan ng lifehack.com (2018), na ang diskarte ng guro sa pagtuturo sa pakikilahok sa mga gawain ng bawat mag-aaral upang mapanatili ang pakikibahagi ng mag-aaral sa daloy ng pag-aaral. Dahil ang estratehiya ang nagpapatakbo sa pagtuturo at kailangang matugunan ang mga layunin sa pag-aaral, estilo ng pag-aaral, at mga pangangailangan sa pag-unlad ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Kaugnay sa proseso ng pag-aaral ng mga mag-aaral mahalaga na magkaroon ng gawaing tutuon sa kanyang kawilihan na matuto. Ang bahaging Ilapat ay nagpapamalas ng paglapat ng natutunan ng isang mag-aaral sa paksang tinalakay. Masusukat ang kanilang natutuhan sa pamamagitan ng mga kontekstuwalisadong gawaing kaugnay sa kani-kanilang karanasan at mga sitwasyong panlipunan sa lugar na kinabibilangan ng mag-aaral. Pinatunayan ni Baer (2017) na ang kurikulum ay ninais maglagay sa pagkatuto sa kontekstong karanasan sa buhay na humuhukay sa atensiyon ng mga mag-aaral sa araw-araw na karanasan, pangyayari, at kondisyon. Ang mga magkakaibang gawain ay inilapit sa mundo ng mga mag-aaral ang tunay na kalagayan o sitwasyong panlipunan na nakikita sa kanilang sariling lugar, munisipyo, siyudad ng Candon at probinsiyang Ilocos Sur. Sa kasalukuyan, ang mag-aaral dapat ay natututo sa mga awtentikong gawaing kinahihiligan. Sapagkat ang pagiging *probalistic* ng mga gawain ay may *outcome* at tagumpay sa pagkatuto na makikita sa bahaging Isabuhay.

**Talahanayan 2**
*Antas sa Pagtaya ng Lesson Exemplar sa Kabuoan*

| Mga Indikeytor | Mean |
|---|---|
| Ang lesson exemplar ay nagpakikita ng mga layuning gagabay sa guro sa pagtamo ng epektibong pagtuturo at pagkatuto. | 3.67 |
| Ang lesson exemplar ay sistematiko at organisado sa pagkamit ng kabatiran at epektibong pagtuturo at pagkatuto. | 3.33 |
| Ang lesson exemplar ay nagpababatid ng mga gawaing hahasa sa kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral. | 3.33 |
| Ang lesson exemplar ay nagkaroon ng integrasyon at kontekstuwalisasyong nauugnay sa pangangailangan ng mga mag-aaral. | 3.33 |
| Ang lesson exemplar ay gumamit ng mga orihinal na pagpapangalan ng mga estratehiya, gawain, at teknik. | 3.00 |
| Ang lesson exemplar ay bumuo ng mga pangalan ng estratehiya, teknik, at gawain na umaayon sa mga konseptong napalitaw. | 3.33 |
| Ang lesson exemplar ay naisasakatuparan sa itinakdang oras at panahon. | 3.67 |
| Ang lesson exemplar ay may malinaw at tiyak na mga konsepto sa pagkamit ng pag-unawa ng mga gawain. | 2.67 |
| Ang lesson exemplar ay gumamit ng grapiko at dayagram na naiintindihan at hindi nakalilito sa guro. | 3.67 |
| Ang lesson exemplar ay gumamit ng grapiko at dayagram na malinaw na naiintindihan at hindi nakalilito sa mga mag-aaral. | 3.67 |
| Ang lesson exemplar ay gumamit ng maayos na ilustrasyon at hindi nakasasagabal sa mambabasa. | 3.67 |
| Ang lesson exemplar ay nailahad nang maayos ang mga sanggunian batay sa pormang natukoy. (APA, 7th Edition). | 3.00 |

| | |
|---|---|
| Ang lesson exemplar ay nakilala ang mga awtor na pinanghanguan ng impormasyon. | 3.67 |
| Ang lesson exemplar ay naglagay ng link na gumagana upang ito ay magamit. | 4.00 |
| Ang lesson exemplar ay malaya sa anomang pagkakamali sa gramatika. | 2.5 |
| a. Paggamit ng tamang bantas | |
| b. Wastong baybay ng mga salita. | |
| c. Paggamit ng mga angkop na salita | |
| d. Malinaw na pagkabuo ng pangungusap | |
| Ang lesson exemplar ay naglahad ng makatotohanang konsepto at impormasyon. | 3.33 |
| Kabuoang Mean | 3.38 |

Batay sa resulta ng pagtataya ng mga balideytor sa Talahanayan 2 sa kabuoan ng Lesson Exemplar ay katangi-tanging gamitin ng mga guro sa Filipino 10. Sa kadahilanang, ang isang balideytor ay nagbigay ng komentong, *"Kinikilala at pinahahalagahan ang pagsisikap na makabuo ng isang kagamitang panturo na makatutulong sa mga guro, at lalo higit, sa mga mag-aaral."*

Sa katunayan ang implikasyon ng kabuoan ng Lesson Exemplar ay ipinabatid na handang gamitin bilang gabay na instrumento na gagamitin ng mga mag-aaral sa mga araling mahihirap. Pinagtitibay rin ng kabuoang resulta na nagtaglay ng mga layuning napaka-epektibo sa pagtamo ng kabatiran, at organisasyong naglalahad ng malayang ugnayan ng guro at mag-aaral. Tinuran ni Saberola (2018), (na inilahad ni Mopera 2010) na ang pagbuo ng kagamitang pampagtuturo ay nakapagbibigay ng oportyunidad para mapa-unlad ang pagkatuto ng bawat mag-aaral. Kaugnay nito, ang kontekstuwalisasyon at lokalisasyon ng araling sumusukat sa mga gawain at integrasyong. Ibig ipabatid na naaayon sa interes o kawilihan ng mga mag-aaral ang mga gawain upang magkamit ang isang kagamitang malikhain at katangi-tangi sa guro at mag-aaral. Pinatunayan ni Resuma (2007) na dapat ang kagamitang panturo at tumutugma sa pangangailangan, interes, at abilidad ng mag-aaral. Sa ibang banda, ang kabuoan ng Lesson Exemplar ay nagkamit pagtataya na nasa antas na *mataas* partikular sa gramatika sa paggamit ng bantas, angkop na salita at baybay ng salita at sa kabuoang istilo sa malinaw at tiyak na konsepto sa pagkamit ng pag-unawa ng mga gawain na inilarawang *mataas.*

Kaiba sa naging pag-aaral nina Cordenete at Macaltao (2020), kung saan lumabas sa resulta ng balidasyon sa presentasyon at organisasyon ng binuong materyal na may *mean* na 5.00 na inilarawang *lubos na katanggap-tanggap*, ang *font* na ginamit at bokabularyong ginamit sa modyul ay madaling nauunawaan ng mga mag-aaral at higit na naganyak ang mga mag-aaral. Gumamit din ng salitang angkop sa kaalaman ng mag-aaral kaya naging madali para sa mag-aaral na masundan ang panuto sa modyul. Bagaman parehong nagkamit ang Lesson Exemplar na binuo ng mananaliksik at pag-aaral ni Club (2014) na may paglarawan sa resulta ng pag-aaral mula sa balidasyon ng wika at estilo sa kaangkupan ng talasalitaan at salitang ginamit, kalinawan ng mga detalye, istraktura at pormat, at tamang haba ng pangungusap ay may kabuoang *mean* na 4.28 na inilarawang *kasiya-siya* at kawastuhan sa gramatika at malinaw at tiyak na konsepto ng mga gawain at kagamitang panturong Lesson Exemplar ay 2.67 na inilarawang *mataas.* Implikasyon na dapat ang isang kagamitang panturo upang maging epektibo ay may maayos at malinaw na konsepto, malaya sa anumang pagkakamaling panggramatika (bantas, angkop na gamit ng salita, at haba ng pangungusap). Sapagkat kaagapay pa rin ng isang epektibong kagamitan ang magkaroon ng sapat, tiyak at nauuunawaan wika, istilo at gramatika. Implikasyon din na sa mga guro na bumubuo ng mga kagamitang panturo ay kinakailangang malikhain, maayos, at kapakinabangan ng iba pang mga guro upang makatugon sa pangangailangan ng pagtuturo sa asignaturang Filipino.

**Talahanayan 3.a**
*Antas sa Pagtaya ng Lesson Exemplar sa Kompitensi at Layunin*

| Mga Indikeytor | Mean |
|---|---|
| Ang mga layunin ay nakaangkla sa kompetensi ng lesson exemplar na naaayon sa pagiging SMART (Specific, Measurable, Attainable, Result- Oriented and Time Bound) na tumutuon sa mga sumusunod: | |
| a. Ang mga layunin sa bawat paksa ay tiyak. | 3.33 |
| b. Ang mga layunin sa bawat paksa ay nasusukat. | 3.33 |
| c. Ang mga layunin sa bawat paksa ay nakakamit. | 3.00 |
| d. Ang mga layunin sa bawat paksa ay kakikitaan ng bunga ng pagkatuto. | 3.33 |

| | |
|---|---|
| e. Ang mga layunin sa bawat paksa ay naisagagawa sa itinakdang oras. | 3.67 |
| Kabuoang Mean | 3.33 |

Sa resulta ng balidasyon ng balideytor batay sa nilalaman na nakatuon sa kompitensi at layunin na ipinapakita sa Talahanayan 3.a sa bawat sub-indikeytor ayon sa layunin na nakaangkla sa kompetensi ng Lesson Exemplar sa pagiging SMART. Ibig sabihin na ang layunin ay SMART (Specific, Measurable, Attainable, Result- Oriented and Time Bound).

Samakatuwid ang mga layunin ay nagtataglay ng pagiging SMART na kagaya ng layuning ito na tumutugon sa pagiging tiyak; Naisasagawa ang isang gawaing pampagsusuri sa akda sa pamamagitan ng paglalahad ng kaalaman at mahahalagang detalye, kulturang nakapaloob sa dulang binasa. Upang mas makabuluhan ang pagkatuto kailangan na ang layunin ay nasusukat gaya ng; Nakapagtitimbang ng mga dahilan sa kasangkot na layunin ng may akda sa mambabasa tungkol sa suliraning nakapaloob sa akda. Ang pagkamit ng isang layunin ay nagpapamalas sa Lesson Exemplar mula sa layuning; Nakapagmumungkahi ng mga kaparaanan, gawain at pagbabago sa kilos ng isang tao tungkol sa suliraning nakapaloob sa akda. Ngunit sa mga layunin ay kinakailangan ng isang resulta na kakikitaan ng pagkatuto na nagtaglay ng kagamitan gaya ng; Naisasakatuparan ang isang interbyu at kritisismo sa klase tungkol sa mahahalagang isyu na kaugnay sa binasang akda. Natatangi ang layuning SMART sapagkat mahalaga sa pagtuturo na nagsisilbing direksyon patungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral at nais isakatuparan ng guro sa klasrum.

Pinatunayan ni Song (2018) mula sa instructional design theory na dapat design-oriented ang mga layunin upang magabayan sa nais matamong layunin sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral na isinagawa ni Club (2014) lumabas sa balidasyon ng kanyang pag-aaral sa kagamitang pang-interbensyon sa pagbasa na may mean na 4.51 na lubhang kasiya-siya, na ang lawak ng aralin at inaasahang matamo ng isang mag-aaral sa mga gawain. Napakakahalaga na ang mga kompitensi na nakasaad sa curriculum guide ng DepEd ay mahalagang naka-angkla ang mga layuning binuo ng guro. Bukod dito, sinusugan Saberola (2018) mula sa kanyang pag-aaral (na tinuran ni Mirana 2007) na ang nilalaman kaugnay sa kompitensi ay ankop sa nais malinang ang kasanayan, at tiyak na layuning na naipaloob sa kagamitan. Implikasyon nito na ang isang guro sa pagbubuo ng mga layunin ay kailangang nagpakikita ng katangian na SMART na nagpakikita ng bunga ng pagkatuto at natatamo sa loob ng isang tiyak na oras at panahon upang maisakatuparan nang maayos, malinaw, at walang naaaksayang panahon.

**Talahanayan 3.b**
*Antas sa Pagtaya ng Lesson Exemplar sa Pamamaraan*

| Mga Indikeytor | Mean |
|---|---|
| Ang mga pamamaraan ay umaayon sa kaparaanan ng pagtatalakay upang magkaroon ng sapat na kaugnayan ang guro at mag-aaral. | 3.00 |
| Ang mga pamamaraan ay sistematikong maisakatuparan sa pagtamo ng kabatiran ng pagtuturo at pagkatuto. | 3.00 |
| Ang mga pamamaraan ay nakatulong sa pagtamo ng kompitensi at layunin upang higit na mapagaan ang pagtuturo at pagkatuto. | 3.33 |
| Ang mga pamamaraan ay malayang maisagawa ng guro kasama ang mag-aaral sa pagkakaroon ng integratibo, kolaboratibo, at interaktibo. | 3.33 |
| Ang mga pamamaraan ay organisadong maisagagawa sa pagkamit ng mithiin, layunin, at maging tunguhin ng pag-aaral. | 3.33 |
| Ang mga pamamaraan sa partikular na estratehiya sa pagtuturo ay nakawiwili at hinihimok ang interes ng mga mag-aaral sa pakikilahok sa pagtalakay ng aralin. | 3.67 |
| Ang mga pamamaraan o estratehiyang ginamit ay naisakatutuparan sa takdang oras at panahon. | 3.67 |
| Kabuoang Mean | 3.33 |

Batay sa resulta ng pagtataya ng mga balideytor sa nilalaman partikular sa pamamaraan na nais ipabatid na ang Lesson Exemplar ay napakaepektibong gamitin ng guro sa pagtuturo sa kanyang klase gamit ang mga estratehiyang gagabay sa guro at mag-aaral tungo sa organisadong pagkatuto.

Ang implikasyon lamang nito na nagtaglay ng mabisang pamamaraan ang kagamitang panturo sa pagsasakatuparan ng pagtuturo sa klase. Ang mga estratehiya ay nakatulong upang magkaroon ng ugnayan ang

guro at mag-aaral at higit na mapunan ang interes ng mga mag-aaral upang lalong matuto. Sa mga guro hindi lang dapat nakatuon sa nilalaman at masteri bagkus mga estratehiyang makahihimok sa bawat mag-aaral na makibahagi at pakikinabangan ng mga mag-aaral. Ipinapakita sa pag-aaral nila Lopez at Santos (2012) na ang paggamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagbabahagi ng kaalaman ay epektibo upang maipaabot sa mga mag-aaral ang nilalaman ng paksang tinatalakay. Pinatunayan sa kanilang pag-aaral na may praktikal na pamamaraan sa pagtuturo ang kaparaanang "maari ba tayong mag-usap" na eenganyuhin ang mga mag-aaral na makilahok at magkaroon ng malawak na pag-iisip at reaksiyon sa pagtatalakay. Samakatuwid, pinagtibay mula sa pagbanggit ni Aleta (2017) na mahalaga ang ugnayan ng pagtuturo at pagkatuto higit lalo sa pagpapahayag ng ideya ngunit kasama ang nilalaman at mensaheng naiintindihan. Ang epektibong pagtuturo ay may ugnayan sa guro at mag-aaral, at mag-aaral sa kapwa mag-aaral, ang guro ang nagsisilbing tagapagpagganap ng mga gawaing pangklasrum at malayang pakikilahok ng mag-aaral.

Sa paglinang ng kasanayan at kakayahan ng mag-aaral pinatotohanan sa resulta ng pag-aaral ni To at Carless (2015) na ang paggamit ng exemplars sa pagtuturo na ginagabayan ng mga pamaraan ay nakatutulong upang mapaunlad ang pang-unawa at paggabay ng positibong paglipat ng mga estratehiya ng isang magandang bunga ng pagkatuto gamit ang *peer discussions* at *mini-presentations.* Ang pamaraang ginamit ng sa kagamitan ay kontekstuwalisado na isinalang-alang ang malayang pakikilahok sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Implikasyon nito na ang bawat guro ay maging mapamaraan sa pagtuturo na upang higit na mapaunlad ang pakikibahagi sa aralin at gawain. Kung nawiwili ang bawat mag-aaral sa estratehiya ng guro sa pagtuturo ay nakapagtatamo ng magandang bunga ng pagkatuto.

***Talahanayan 3.c***

*Antas sa Pagtaya ng Lesson Exemplar sa Gawain*

| Mga Indikeytor | Mean |
|---|---|
| Ang mga gawain ay sumusukat sa lalim ng pagpapahalaga sa paksa o aralin. | 3.33 |
| Ang mga gawain ay nakabatay sa kakayahan ng bawat mag-aaral na naaayon sa antas ng pag-unawa. | 3.33 |
| Ang mga gawain ay nakatuon sa iba't ibang interes (individual differences) ng bata na higit na nakawiwili sa kanila. | 3.67 |
| Ang mga gawain ay may uniqueness at dinedebelop ang kaalaman patungo sa pagpapahalaga ng binasa. | 3.67 |
| Ang mga gawain ay naaayon sa simple hanggang komplikadong antas ng kahirapan. | 3.67 |
| Kabuoang Mean | 3.53 |

Ipinapabatid na ang mga gawain ay orihinal at nagpapamalas ng isang pagpapahalaga na kaugnay sa aralin ng Lesson Exemplar. Binubuo ng magkakaibang lebel upang umangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa pagbanggit ni Saberola (2018), (ayon kay Badayos 2012) sa kanyang pag-aaral sinabi na ang orihinalidad ng isang dinebelop na kagamitang panturo ay kinakailangan upang makapagpakita ng nakakaibang porma ng kagamitang nakahihikayat sa mag-aaral. Nararapat din na isaalang-alang ang istilo ng guro upang ang mga gawaing kanyang ninanais ay umakma sa mag-aaral at makamit ang kaayusan ng pagtataya. Bukod dito, pinagtibay sa pag-aaral ni Saberola mula sa balidit ng kanyang binuong kagamitan sa pagiging orihinal at malikhaing ay nagtaglay ng *mean* na 4.75 na inilalarawang *lubos na katanggap-tanggap*. Implikasyon nito, na ang mga guro ay kailangan makabuo ng sariling gawain para sa mag-aaral. sapagkat kilala na nito ang kanyang mga mag-aaral ay may pagkakataong makapagdisenyo ng kalulugdan ng mag-aaral na naaayon sa kani-kanilang interes upang mahamon at mailapat ang mga kasanayan sa mga bagong kaalamang nakuha sa klase.

**Talahanayan 3.d**

*Antas sa Pagtaya ng Lesson Exemplar sa Integrasyon*

| Mga Indikeytor | Mean |
|---|---|
| Ang mga gawain ay naiugnay sa iba't ibang aspekto at karanasan ng mag-aaral. | 3.67 |
| Ang mga gawain ay naaayon sa mismong lugar ng mag-aaral. | 4.00 |
| Ang mga gawain ay gumaganap ng pagkakaiba-iba ng katayuan ng mag-aaral. | 3.67 |
| Ang mga gawain ay kontekstwalisado at lokalisado. | 3.33 |
| Ang mga gawain ay inilapit ang mga mag-aaral sa tunay na pakikisangkot ng mga pangyayari sa kanilang komunidad. | 3.67 |
| Kabuoang Mean | 3.67 |

Ipinapabatid lamang na nagkaroon ng integrasyon ang bawat aralin sa binuong Lesson Exemplar na may pakikisangkot ang mga mag-aaral sa mga sitwasyon sa lipunan, karanasan at sariling komunidad. Ito ay pinagtibay ng isang balideytor sa komento na, *"Pinahahalagahan ang pagsisikap na ilagay ang mga akda at aralin sa konteksto ng Candon."* Naglahad din ng komentong, *"Kinikilala rin ang pagsisikap na maisakonteksto ang kagamitan sa mismong kultura, lipunan o pamayanan."*

Kaugnay nito, nagkaroon ng pagpapahalaga sa mismong lugar at pagkakaiba ng katayuan sa buhay. Dahil ito ay isang kasangkapan upang mas mapalalim ang pagpapahalaga sa aralin na binanggit sa *instructional design theory* napakahalaga na ang pagkatuto ng isang mag-aaral ay masangkot o makibahagi sa isang sitwasyon. Pinatutunayan mula sa saliksik sa *internet* na ang lokalisasyon ng aralin ay proseso ng pag-uugnay ng nilalaman na impormasyon at kagamitan mula sa komunidad. Mahalaga na magkaroon ng pagkatuto sa konteksto ng karanasan sa buhay, maiugnay ang karanasan sa araw-araw, pangyayari at kondisyon. Sinang-ayunan ito ni Fos (2020), sinabi niyang mahalaga pa ring mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa konteksto ng mga aralin, mabigyan sila ng pagkakataon na maging tagapagtaguyod at tagahabi ng kanilang pagkatuto at kung paano nila ito maipakita sa kanilang sariling paraan.

Sinusugan ito sa pag-aaral nina Inocian, Dapat, Pacaña, at Lasala (2019) na nagpakilala sa Tagay Teaching Model na nakatuon sa *learner-centered* na pagkatuto na nakatutulong sa mga mag-aaral na makapag-isip ng aktibo sa kanilang pagkatuto. Lumabas din sa kanilang pag-aaral na binanggit sa Alayon Teaching Model na ang isang mag-aaral ay kailangang makisangkot sa mga problema sa lipunan na nangyari na at nangyayari sa kasalukuyan, sapagkat pinag-iisip ang mga mag-aaral ng mga plano at pamaraan kung paano malutas ang isang problema gamit ang kanilang talino at talas sa pag-iisip na kailangang maisakatuparan. Dahil ang isang gawain na naisakonteksto sa mismong lugar, kalagayan, karanasan, at katayuan ng bawat mag-aaral ay nagbibigay ng isang resultang nagdudulot nang mas mataas na pagkatuto.

**Talahanayan 4**

*Antas sa Pagtaya ng Lesson Exemplar sa Presentasyon*

| Mga Indikeytor | Mean |
|---|---|
| Ang lesson exemplar sa pagsakatutuparan ng mga panuto sa pagtalakay ng mga paksa ay ginagabayan ang mga guro. | 3.67 |
| Ang lesson exemplar sa pagsasakatuparan ng mga panuto sa pagtalakay ng mga paksa ay ginagabayan ang mga mag-aaral. | 3.67 |
| Ang lesson exemplar sa paggamit ng mga grapiko at dayagram ay maayos at nakapagbigay linaw sa nais masagot. | 3.00 |
| Ang lesson exemplar ay gumamit ng mga larawang malinaw na nakikita at angkop sa paksang nais matukoy at ipakita. | 3.33 |
| Ang lesson exemplar gumamit ng mga larawang nalalapit at nagpakikita ng tunay na sitswasyon ng buhay. | 3.33 |
| Kabuoang Mean | 3.40 |

Ipinapakita na ang Lesson Exemplar ay nagtaglay ng kawili-wiling presentasyon sa paglalahad ng panuto, maayos na grapiko at dayagram, at larawang higit na magbibigay ng kongkretong karanasan sa mag-aaral. Ipinakita sa pag-aaral Club (2014) sa pagtataya sa kagamitang pang-interbensyon partikular sa illustrasyon at larawan *lubhang kasiya-siya* dahil sa nahihikayat at nakapagbibigay ng kawilihan sa mga mag-aaral na may *mean* iskor na 4.65. Lumabas din na ang paggamit ng malinaw na ilustrasyon at larawan ay nagpapahayag ng malinaw na kaisipan na may *mean* iskor na 4.51 at inilalarawang *lubhang kasiya-siya.* Nais ipahiwatig na ang isang kagamitang panturo ay kailangang magtaglay ng simpleng presentasyon ngunit nakawiwili sa mga mag-aaral. Dahil ang mga ilustrasyon, grapiko, dayagram at maayos na panuto ay hinihimok ang interes ng mga mag-aaral na patuloy na pag-aralan ang isang aralin.

Bilang dagdag pinagtibay rin sa pag-aaral ni Club na isa sa naging kahinaan ng balidasyon ng kagamitan ay malinaw, maikli at nauunawaan ang pagkalahad ng mga panuto na may *mean* iskor na 4.49 na naglalarawang ito'y *kasiya-siya.* Bagaman ang Lesson Exemplar ay nagkamit ng *napakataas* na pagtataya sa kagamitan mahalaga na ang mga binuo at bubuoin materyal ay magkaraoon ng malinaw na panuto, tiyak at nauunawaan ng mga mag-aaral

upang hindi magkaroon ng kalituhan sa mga mag-aaral. Sinang-ayunan ni Saberola (2018), (mula sa pahayag ni Badayos 2012) na kailangan ng pagpaplano sa katauhan ng istilo ng guro, sa pagbuo ng ng kagamitang pampagtuturo, kinakailangang magtaglay ng maayos na pagkalahad ng panuto, gawain, at pagsasanay nang sa gayon ay maisagawa ito ng tama. Nakasalalay sa maayos na pagkakalahad ng panuto ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Implikasyon nito na sa bawat guro ay kailangang espisipiko sa mga panuto, nauunawaan, at hindi nakalilito sa mga mag-aaral. Ang panuto ay naiintindihan at nagiging gabay sa mga gawain, at mga pagsasanay. Kung kaya't minsan may pagkakataong nagtatanong ang mag-aaral sa kadahilanang hindi lubos maunawaan ang nais iparating at kailangang maisakatuparan. Ang kalinawan ng pauto at mga gawaing maisasagawa ay nakatutugon sa mataas na resulta ng pagkatuto.

## 5. Kongklusyon at Rekomendasyon

Batay sa resulta at pagpapakahulugan ng mga datos inilalahad ang sumusunod na kongklusyon: 1) Ang paggamit ng *needs assessment* ay natukoy na may labing-isang (11) aralin sa Filipino 10 ang nangangailangan ng Lesson Exemplar; 2) Ang kagamitang panturong Lesson Exemplar na nabuo ay nagsilbing batayan ang instructional design theory at IDEA.Model; at 3) Ang kagamitang panturo ay nagkamit ng pagtatayang napakataas batay sa kabuoan ng Lesson Exemplar, batay sa nilalaman, partikular sa kompitensi at layunin, sa pamamaraan, sa mga gawain, at integrasyon. Batay sa presentasyon ng Lesson Exemplar ay inilarawang napakataas.

Kaugnay nito inirerekomenda ang mga sumusunod: 1) Kailangang magkaroon ng *needs assessment* o ibang kagamitan upang masukat ang mga paksa sa asignaturang Filipino sa sekondarya upang magawan ng angkop na kagamitang panturong Lesson Exemplar o supplemental na kagamitan; 2) Sa mga administrador, pungguro at ulongguro, dalubguro, at guro sa bawat paaralan ng Candon City Division ay iminumungkahing ipagamit ang modelong 6 I's sa paggawa ng mga Lesson Exemplar; 3) Iugnay sa karanasan, sitwasyong panlipunan, at kulturang yinayakap ng isang mag-aaral ang mga aralin upang magkaroon ng pagpaparanas ng awtentiko at pagpapahalaga sa realidad ng buhay; at 4) Sa mga guro sa Filipino ay sikaping magkaroon ng kontekstuwalisasyon at lokalisasyon ng mga paksa o aralin na inuugnay sa kalagayan ng buhay at sariling lugar na kinabibilangan at angkop sa pangangailangan at interes ng mga mag-aaral upang magkaroon ng lubusang pagkatuto.

## 6. Sanggunian


Aleta, E. U. (2017, February 17). *Anim na aspekto ng pag-unawa sa markahang pagsusulit sa Filipino*. www.dlsu.edu.ph. Hinango noong Disyembre 15, 2021, sa http://shorturl.at/ackl2

Amilao, P. C. (2016). *Mga damdamin at saloobin ng mga guro at mag-aaral sa Filipino 10 –Panitikang Pandaigdig.* [Unpublished doctoral dissertation]. Southwestern University.

Baer, R. P. (2017, November 17). *Kontekstwalisasyon at lokalisasyon sa edukasyon.*

PressReader.com - Digital Newspaper & Magazine Subscriptions. Hinango noong Hunyo 26, 2021 sa https://www.pressreader.com/philippines/panay-news/20171117/281530816315633?srsltid=AfmBOorg8P98jAUOh9cic8VTcIy9P4-qsAoTn-4ldml_isadvShpQbR7

*Call for submission of inquiry-based lesson plan exemplars in science and mathematics (Grades 7 to 12)*. (2017, January 23). CHED K to 12 Transition Program. Hinango noong Pebrero 13, 2021 sa https://chedk12.wordpress.com/shssupport/stem/

Club, L.S. (2014). *Balidasyon ng kagamitang pang-interbensyon sa pagbasa para sa baitang 9 sa ika-6 na distrito ng Maynila*. Ils.pup.edu.ph. Hinango noong Disyembre17, 2021, sa LORENA_SEDA_CLUB_TESIS_ABSTRAK.pdf

Cordenete, J.B & Macaltao, M.T.E. (2020). *Pagbuo at Balidasyon ng Interaktibong Modyul sa Pagtuturo ng Florante at Laura*. Multidiciplinary Research Journal Vol 3, s. 2020. Pangasinan State University. Hinango noong Agosto 15, 2021 sa

https://file:///C:/Users/Eugene/Downloads/6+Pagbuo+at+Balidasyon+ng+Interaktibog+Modyulsa+Pagturo+ng+Florante+at+Laura.pdf

*Guidelines on the preparation of pivot I-D-E-A lesson exemplars*. (2020, June 4). DEPARTMENT OF EDUCATION "Sulong Blue Rizal". Hinango noong Disyembre 18, 2021 sa https://depedrizal.ph/2020/06/04/deped-4a-02-rm-20-296/

*Paano ba dapat gawin ang mga pagtataya sa ilalim ng "new normal"?* (2020, July 6). NICO FOS. https://nicomfos.wordpress.com/2020/06/06/paano-ba-dapat-gawin-ang-mga-pagtataya-sa-ilalim-ng-new-normal/

Hoque, E. M. (2017). Three domains of learning: cognitive, affective and psychomotor. *The Journal of EFL Education and Research*. 2 (2) 2520-5897. Hinango noong Disyembre 18, 2021, sa shorturl.at/dtFR8

Inocian, R.B., Dapat, L.C., Pacaña, G.B., & Lasala, G.M. (2019). Indegenizing and contextualizing the use of cooperative learning strategies. *Journal of Research, Policy & Practice of Teachers & Teacher Education.* 9(2), 1-18. https://doi.org/10.37134/jrpptte.vol9.no2.1.2019

Llego, M. A. (2020, June 30). *DepEd teaching and assessing in the global context objectives, activities & materials*. TeacherPH. Hinango noong Enero 7, 2022 sa https://www.teacherph.com/deped-teaching-and-assessing-in-the-global-context/

Lopez, B. & Santos, J.D. (2012). *Filipino thesis*. Hinango noong Setyembre, 19, 2022, sa shorturl.at/AD156

Mirana, V.P. (2017, Hulyo 12). *Lesson exemplar in electricity and students' epistemological beliefs.* Asia Pacific Journal of Multidisiplinary Research, 5(3), 111-117.

*Epektibong istratehiya sa pagtuturo na nagpapalakas sa pag-aaral 2021.* (2018) lifehackk.com. Hinango noong Disyembre 12, 2021, sa shorturl.at/divRT

Nelson, W.A (2015, Pebrero 18). *Developmental research*.explore.researchgate.net. Hinango noong Mayo 15, 2020, sa shorturl.at/qzFX8

Resuma, V. M. (2007). *Pagsusulit sa pagkuha ng lisensya para sa mga guro (LET), Reviewer sa Filipino.* C & E Publishing, Inc.

Saberola, L.P. (2018). *Pagbuo, pagtanggap at balididiti ng modyul: kontekstwalisasyon ng mga piling aralin sa Filipino 8 gamit ang dominyo ng kulturang popular*. Philippine E- Journals. Hinango noong Disyembre 22, 2021, sa shorturl.at/dgjv

Song, D. (2018, January 21). *Instructional theory (or instructional-design theory). 4 characteristics – Einbrain*. einbrain.com. Hinango noong Agosto 25, 2021 sa https://einbrain.com/1807

Tabadua, J. D. (2018). *Science process skills and academic achievement of grade 4 pupils: basis for science lesson exemplars*. www.academia.com. Hinango noong Hulyo 12, 2020, sa SCIENCE_PROCESS_SKILLS_AND_ACADEMIC_ ACHIEVEMENT20190717-13441-qco7a4.pdf

To, J., & Carless, D. (2015). Making productive use of exemplars: Peer discussion and teacher guidance for positive transfer of strategies. *Journal of Further and Higher Education*, *40*(6), 746-764. https://doi.org/10.1080/0309877x.2015.1014317

Wayne, N. A., Klein, J. D., & Richey, R. C. (2004, January). *Developmental research*. ResearchGate. Hinango noong Agosto 16, 2021 sa https://www.researchgate.net/publication/263963734_Developmental_research